

Paglulunsad ng insentibo sa pagbabakuna

Setyembre 13, 2021

Ang mga karapat-dapat na Albertans ay maaari na ngayong magparehistro upang makakuha ng isang \$100 na debit card para sa pagtanggap ng una o pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19.

Ang isang beses na insentibo na ito ay para sa lahat ng Albertans na may 18 gulang o mas matanda na nakatanggap ng alinman sa una o pangalawang dosis ng bakuna sa pagitan ng Setyembre 3 at Oktubre 14.

Pagkatapos ng pagbabakuna, ang mga indibidwal ay maaaring bumisita sa alberta.ca/VaccineDebitCard at magparehistro sa online upang makatanggap ng isang prefilled debit card. Mapatutunayan ng Alberta Health ang lahat ng pagrerehistro ayon sa data ng pagbabakuna sa panlalawigan. Ipamamahagi ng CIBC ang mga debit card sa ngalan ng Pamahalaan ng Alberta.

Ang unang 15,000 Albertans ay makakatanggap ng kanilang mga debit card sa Oktubre. Ang mga debit card para sa karagdagang karapat-dapat na mga nagparehistro ay ihahatid sa Nobyembre at Disyembre.

Ang mga Albertans na walang access sa isang computer o isang mobile device ay maaaring tumawag sa 310-0000 para sa tulong.

Lottery ng bakuna

Ang lahat ng mga Albertans na nakatanggap ng dalawang dosis ng bakuna na may 18 gulang at pataas ay karapat-dapat para sa natitirang \$1-milyon na draw sa lottery ng bakuna sa Alberta. Kung magpaparehistro at para sa kumpletong mga detalye, bisitahin ang alberta.ca/lottery Isasara ang huling araw ng draw sa Setyembre 23.

Mag-book ng tipanan at magpabakuna

Ang mga Albertans ay maaaring mag-book ng mga tipanan online sa bookvaccine.alberta.ca o sa pamamagitan ng pagtawag sa 811. Ang isang listahan ng mga walk-in na klinika ay matatamo sa albertahealthservices.ca/vaccine.

Mabilis na katotohanan

- Sa pagitan ng Hunyo 1 at Setyembre 9, 92 porsyento ng mga Albertans sa mga yunit ng intensive care na may COVID-19 ay hindi nabakunahan o bahagyang nabakunahan lamang.
- Noong Setyembre 9, 78.9 porsyento ng mga karapat-dapat na Albertans ang nakatanggap ng hindi bababa sa isang dosis ng bakuna at 70.9 porsyento ng mga karapat-dapat na Albertans ay ganap na protektado ng parehong dosis.

Kaugnay na impormasyon

- [I-book ang iyong COVID-19 appointment sa pagbakuna](#)
- [Insentibo sa bakuna](#)

Mga katanungan sa media

[Steve Buick](#)

780-288-1735

Senior Press Secretary, Pangkalusugan

Para sa higit pang mga mapagkukunang naisalin ng gobyerno, mangyaring bisitahin ang:
<https://www.alberta.ca/covid-19- mga mapagkukunang naisalin.aspx>.